INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 5 May 2026, eISSN: 2799-0664

# Isang Mungkahing Kagamitang Pampagtuturo Tungo sa Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Pagbasa at Pag-Unawa sa Binasa para sa Elementarya

**HILDA N. IMMANGDUL**
Ifugao State University, Potia Campus, Alfonso Lista
himmangdul@gmail.com

*Abstract* —Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagbuo ng isang kagamtiang pampgatuturo para sa antas elementarya.Layunin ng pag-aaral na matukoy kung ano ang mabubuong kagamitang pampagtuturo para sa kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ,matukoy ang mga proseso proseso sa pagbuo ng kagamtiang pampagtuturo para sa pagkatuto sa pagbasa at pag-unawa at malaman ang mga iba't ibang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ang mapapaloob sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo. Ginamit sa pag-aaral ang deskritibong pamamaraan .Lumabas sa resulta na ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay nahahati sa iba't ibang seleksiyon na nabuo sa malikhaing pagsulat at pagsasalin mula sa iba't ibang akda na maaring gamitin para pagbasa,sa bawat seleksiyon ay may naihandang kasanayan na gagamitin para sa pagsasanay tungo sa pag-unalad sa pagbasa at pag-unawa sa binasa.Ang proseso sa pagkuha ng ginamit na datos ay gawa sa malikhaing pagsulat,pagpapabalido at pagsasalin upang mabuo ang kagamitang pampagtuturo sa pagbasa.Sa pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturo sa larang ng pagbasa ay kailangan ang pag-angkop sa mga pagsasanay para sa mas lalong ikabubuti ng kagamitang pampagtuturo para sa pagpapaunlad sa kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

***Keywords: Kagamitang Pampagtuturo, Kakayahan sa Pagbasa ,Pag-unawa sa binasa, Sanayang Aklat***

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## I. PANIMULA

Ang pagbasa ay isang makrong kasanayan na kailangang matutukan sa larangan ng pagtuturo lalo sa mga panahon ng pagkatuto mula pinakamaliit na tunog hanggang sa pagtaas ng lebel o antas sa buhay ng isang indibidwal. Ang kakayahang bumasa at umunawa sa mga iba't ibang tekstong nakasulat ay malaking ambag sa tuloy-tuloy na pagtaas ng kalidad ng pagkatuto sa larangan ng akademya.

Sa pagpakahulugan ng paksang pagbasa ay may ilang banyagang manunulat na naghayag ng ilang kaalaman sa pagbasa ,kakayahan at kasanayan sa pagbasa .Ayon sa pagpakahuhulugan nina Duke at Carlisle (2011) may pagbibigay -diin sa hahalagahan kompleksiti at pag-unawa sa etratehiyang pang-instruksiyun ang pag-unlad sa kakayahang bumasa .Sinasang-ayunan ni Snow (2002) na ang pag-unawa sa binasa ay bahagi ng proseso ng pagbuo ng kahulugan ,pagbuo ng kaalaman sa etruktura ng teksto at sa paggamit ng ankop na estratehiya sa pagbasa.

Ang pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa ay mahalaga upang mapalawak ang kaalaman at magkaroon ng tamang interpretasyon sa mga tekstong akademiko.Sa pamamagitan ng paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, mas magiging epektibo ang proseso ng pagtuturo at pag-aaral ng mga mag-aaral.Sa pananaliksik na ito ,layuning tukuyin at suriin kung paano nakatutulong ang kagamitang pampagtuturo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral Ang pagbasa ay ang pagkilala at pagkuha ng mga ideya at kaisipan sa mga sagisag na nakalimbag upang mabigkas nang pasalita.Ang kawalan ng kaalaman at pag- unawa sa kasanayang ito ay nakaiimplueensya nang Malaki sa pagkatuto ng mga mag-aaral (De Guzman, 2019) na binaggit at sinang-ayunan ni Baua (2022)

Ayon kay Baua (2022)ang pagbasa ay isang kasanayang pangwika na nagdudulot ng input sa mga magaaral upang matuklasan nila ang maraming sanggunian sa kanilang pag-aaral. Sa ganitong mga kalagayan,ang pagbasa ay nagiging isang kasanayang pangwika na lubhang mahalaga para sa mga mag-aaral. Ayon kay Safdarian ( 2014) banggit ni Baua (2022),ang pagbasa ang pinakamahalagang kasanayan sa pagkakaroon ng kaalaman para sa mga mag-aaral Ang pagbasa ay isang mahalagang kasanayan sa wika dahil ang pagbasa ay maghahatid sa isang mag-aaral upang makakuha ng maraming impormasyon mula sa isang teksto. Ang pagbasa ay

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

isang proseso ng pagkuha ng kahulugan o paggawa ng kahulugan sa pamamagitan ng maraming Gawain bago, habang, at pagkatapos basahin ang teksto (Whayono, 2019).

Batay sa pag-aaral ni Cruz (2016 ) ang isang maka-akademikong pagpaplano sa mga kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong sa mas lalong ikauunlad ng takbo ng prosesong pag-unlad sa pagbasa at pag-unawa sa binasa lalo sa antas elementarya.

Sinabi ni Khamkhong (2018)na banggit ni Baua (2022) na upang maging mabisa at matagumpay sa klase, hinihiling sa mga mag-aaral na magbasa nang malawakan at epektibo para sa kaalaman at impormasyon mula sa mga aklat-aralin, mga artikulo sa pananaliksik, at iba pang mahahalagang mapagkukunan. Ang pagbasa ay isang aktibo at interaktibong proseso ng pagbuo ng kahulugan na kinasasangkutan ng mambabasa ay gumagamit ng ilang mga estratehiya sa pagbasa upang maunawaan ang nilalaman ng mga babasahin o mga teksto nang mabisa at mahusay .Ang mga mambabasa ay nakikibahagi sa may layuning mga estratehiya upang suportahan ang pag-unawa at pagsubaybay sa kahulugan,(Denton,et.al.,2015)

Sa pag-aaral ni Ahmid et.al. (2013) Ang pag-unawa sa binasa ay isang kumplikasyong kakayahang nagbibigay-malay na nagbibigay ng kakayahang pagsamahin ang impormasyon ng teksto sa background na kaalaman ng mambabasa at nagreresulta sa pagpapaliwanag ng isang representasyon ng kaisipan .Sinang-ayunan naman ng pag-aaral ni Elleman at Oslund (2019 )na binanggit ni Baua (2022) na ang pag-unawa sa binasa ay isa sa mga pinakakumplikadong aktibidad sa pag-iisip kung saan ang mga tao ay nakikibahagi, na nagpapahirap sa pagtuturo, pagsukat, at pagsasaliksik

Ayon kina Shih & Huang (2018) ang pag-unawa sa pagbasa (kasanayan) ay pinaniniwalaang magaganap sa antas ng metacognitive kung saan kasangkot ang pagplaplano, pagsusubaybay, at pagsusuri. Ang mga metakognitibong pamamaraan ay nagsasagawa ng isang executive function sa mga cognitive na pamamaraan, sa kabilang banda ay nakakaapekto sa pagganap ng pagsubok sa pagbasa. Upang suportahan ang layuninna ito, maraming pag-aaral ang isinagawa upang siyasatin ang kaugnayan sa pagitan ng paggamit ng pamamaraan sa pagbabasa at kakayahan sa pagbasa ( Shang,2018 ;Kim, 2016) (Baua,2022)

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 5 May 2026, eISSN: 2799-0664

Sa kontekstong lokal , gaya ng pag-aaral ni Villanueva (2018) na malaki ang ambag ng sanayang aklat para proseso ng pag-unawa sa binasa lalo ang mga nasa antas elementarya , batay sa resulta ng ng kanyang pag-aaral ,mas mataas ang kritikal nap ag-unawa sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo na sinusugan naman sa pag-aaral ni Bernardo (2015) na ipinaliliwanag ang kaugnayan ng estratehiya na pagtanong ,maging ang paghinuha para sa pag-unawa sa binasa.

Sinabi ni Shih & Huang (2018) na ang pag-unawa sa pagbasa (kasanayan) ay pinaniniwalaang magaganap sa antas ng metacognitive kung saan kasangkot ang pagplaplano, pagsusubaybay, at pagsusuri. Ang mga metacognitive na pamamaraan ay nagsasagawa ng isang executive function sa mga cognitive na pamamaraan, sa kabilang banda ay nakakaapekto sa pagganap ng pagsubok sa pagbasa. Upang suportahan ang layuninna ito, maraming pag-aaral ang isinagawa upang siyasatin ang kaugnayan sa pagitan ng paggamit ng pamamaraan sa pagbabasa at kakayahan sa pagbasa ( Shang,2018 ;Kim, 2016)

Ayon sa Departamento ng Edukasyon (2018) ang Philippine Informal Reading Inventory (PHIL-IRI) ay isang classroom-based assessment tool na ginagamit upang masukat at mailarawan ang kakayahan ng mga mag-aaral sa oral reading ,silent reading at listeneing comprehension.Nagsisilbing batayan sa pagbuo ng mga interbensyon at programang pampagbasa upang matukoy at mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.Ang karunungan sa pagbasa ay isa sa pinakapangunahing kasanayang pang-akademiko ng isang bata. Ito rin ay bahagi ng programang “Every Child A Reader Program ((ECARP).

May ilang mga bagay din na may kinalaman sa pagbuo ng isang kagamitan na pampagtuturo sa pagbasa ay ang pagkamalikhain sa pagsulat ,na maaring gamitin bilang lunsaran sa pagbuo ng mga babasahin para sa larang ng pagbabasa;

Sa pag-aaral ni Thelma Allado (2019) na pinamagatang “Ang Pag-unawa sa binasa at Akademikong Pag-unlad ng mga mag-aaral sa ika-anim na baitang ,” binigyang-diin ang kahalagahan ng pagbibigay ng mas maraming kagamitang babasahin at oras sa pagbasa upang mapataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinakita sa kanyang pag-aaral na may kahalagahan ang mga salik sa pagbas sa ibat’t ibang disiplina o larang.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Ang pagsusulat ay isa sa mga libangan ng mga tao. Kay sarap maglakbay ang ating imahinasyon kung saan-saan nakakarating, pangyayari na nagpapasaya't nakatutuwa, nakakalungkot, nakakaiyak, nakapanghihinayang at iba pang damdaming nangingibawbaw. Ito ang mga karaniwang damdaming masasalamin sa mga nababasa natin.

Ang pagiging malikhain sa pagsulat ay may malaking ambag sa larangan ng pagtuturo lalo sa pagbasa dahil sa kaulangan ng mga kagamitan pampagtuturo .

Marami ang nagsasabi na walang ipinanganak na manunulat. Natatangi ang kakayahan ng isang nagsusulat ng tula, maikling kuwento, nobela, sanaysay, dula o ano pa mang anyo ng panitikan. Bakit? Dahil kailangan na kunin ang interes at pagalawin ang guniguni ng isang mar o anumang nakakaimpluwensya sa isip ng mambabasaambabasa. Ang isang malikhaing manunulat ay kaya niyang paiyakin, patawanin, dalhin sa isang lugar .Ang malikhaing pagsulat ba ay isang pamana, regalo, angking talino? Walang makakasagot kundi ang manunulat at mambabasa lang. Ano ang tiyak na kahulugan ng malikhaing pagsulat?

Ang kagamitan sa pagkatuto (learning material) na ito ay nais linangin ang malalimang pag-unawa at pagsulat ng mga mag-aaral tungo sa mabisa, mapanuri at masinop na pagpapahayag ng ideya o saloobin. Magsisilbing gabay sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang material na ito na huhubog sa kanilang kakayahan sa ika-21 na siglo ng pampagkatuto . Ayon kina E.B. White at William Strunk (2003), ang pagsulat ay matrabaho (laborious) at mabagal na proseso sapagkat koneksyon ito ng pag-iisip.

Ayon din kay Badayos (1999) na binanggit ni Ulit (2014), ang pagsulat ay iinog sa kungpaano kabisang makabubuo ng mga pahayag ang isang indibiduwal upang maganyakna mag-isip, kumilos, at magalak ang mga makakabasa nito.

Ang malikhaing pagsulat ay may tulong ang imahinasyon o malikot na kaisipan ng manunulat at kapangyarihan sa register ng wika, nagagawang ilarawan ng manunulat ang lipunang kanyang ginagalawan. May sapat na lakas ang mga salita upang ipadama sa mga mambabasa ang panoramic na larawan ng buhay. Kabalikat din ang mga maretorikang salitang ginagamit upang mabatak ang kuryosidad at inspirasyon ng mambabasa.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Ang pagtugon sa layunin ng pag-aaral ay nakaangkla sa layunin ng ganitong uri ng pagsulat na makapagpahayag ng kathang-isip, ideya, damdamin o kumbinasyon ng mga ito sa isang malikhaing pamamaraan para magbigay aliw o maglahad ng damdamin ang isang manunulat

Ang pananaliksik ay may kaugnayan sa pagsulat at pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturo na nabigyan ng pagpapakahulugan ayon sa mga sumusunod:

1. Akademik – ito ang intelektwal na pagsulat dahil layunin nitong pataasin ang antas at kalidad ng kaalaman ng mga estudyante sa paaralan.

   Halimbawa: Sintesis, Bionote, Agenda, Posisyong Papel, Photo-Essay, atbp.

2. Teknikal – isang uri ng tekstong espositori na nagbibigay ng impormasyon para sa teknikal o komersyal na layunin. Halimbawa: Ulat panlaboratoryo, Computer, atbp.

3. Journalistik – saklaw nito ang pagsulat ng balita, editorial, kolum, anunsiyo at iba pang akdang karaniwang makikita sa mga pahayagan o magasin.

4. Referensyal – uri ng pagsulat na naglalayong magrekomenda ng iba pang sanggunian hinggil sa isang paksa. Halimbawa: Bibliography, Index, Note Cards, atbp.

5. Malikhain – masining na uri ng pagsulat. Nakapokus ito sa imahinasyon ng manunulat bagamat maaaring fictional o non-fictional ang akdang isusulat. Halimbawa: Tula, Nobela, Maikling Kuwento, atbp

Ang ganitong pagsulat ay makapagbigay ng kalutasan sa suliranin ng kakulangan ng kagamitang pampagtuturo na gamitin sa pagtuturo sa pagbasa at pag-unawa sa binasa lalo sa antas elementarya.Magsasagawa ng isang kagamitang pampagtuturo para sa bawat kasanayan sa pagbasa para sa elementarya.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong punan ang puwang na naming suhestyon ng ilang pag-aaral na nakaraan at maliban dito , naglalayong makabuo ng isang kagamitang pampagtuturo para sa kakayahan sa pagbasa at pag-unawa at matukoy ang mga kasanayan sa pagbasa na nakapaloob sa pagbuo ng kagamitang pampagtutro para sa antas elementarya.Napili ang ikalimang baiting bilang kalahok dahil ang ang awtput ng pananaliksik ay para sa kanilang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

antas.Inaasahang ang magiging resulta ng pag-aaral na ito ay magbigay ng isang masusing batayan sa mga guro at mag-aaral sa tunguhin ng kanilang estilong sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto sa larang ng asinaturang Filipino sa pagpapaunlad sa kasanayang pagbasa lalo sa mga may kahinaan sa pagbasa.

**Kaugnay na Literatura**

Ayon kina E.B. White at William Strunk (2003), ang pagsulat ay matrabaho (laborious) at mabagal na proseso sapagkat koneksyon ito ng pag-iisip. Kailanga ang malikhaing koneksiyon sa isasagawa o pagsulat tungo sa pagbuo ng isang pakikinabangan sa larangan ng pagpapaunlad ng pangkasanayang kakayahan .

Ayon kay Red Smith (2010), ito ay total commitment na kinakailangang ibigay ang lahat ng pinakamaayos at mabuti sapagkat ito ay susi sa isang mabuti at matagumpay na pagsulat.

Batay sa pag-aaral ni Medina (2010) nalalaman ang koneksiyon ng wika at sistema ng pagtuturo sa pagkatuto ng pagbasa sa mag-aaral.Sinang-ayunan naman ng pag-aaral ni Reyes at Manalo (2014) sa pagkatutong bumasa, may mga salik at estratehiya sa pag-unawa sa binasa na dapat isaalang-aalang na kaugnay din sa kasalukuyang pag-aaral.

Ayon din kay Badayos (1999) na binanggit ni Ulit (2014), ang pagsulat ay iinog sa kung paano kabisang makabubuo ng mga pahayag ang isang indibiduwal upang maganyakna mag-isip, kumilos, at magalak ang mga makakabasa nito.

Ayon kay Cain & Oakhill (2011) sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral ay may kaugnayan sa kasanayan sa pagsasalita at memorya.

Ayon kay Dela Cruz (2016), ang pagsulat ay isang pangangailangan upang tugunan ngisang indibiduwal ang kaniyang personal na mga pangangailangan. Hindi lamang ito pagpapahayag ng nadarama o instrumento upang mapatatag ang ugnayan kundi, ito ay instrumento din ng isang tao upang mapabuti ang kaniyang sarili .

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Ang malikhaing pagsulat ay may tulong ang imahinasyon o malikot na kaisipan ng manunulat at kapangyarihan sa register ng wika, nagagawang ilarawan ng manunulat ang lipunang kanyang ginagalawan. May sapat na lakas ang mga salita upang ipadama sa mga mambabasa ang panoramic na larawan ng buhay. Kabalikat din ang mga maretorikang salitang ginagamit upang mabatak ang kuryosidad at inspirasyon ng mambabasa.

Ang pag-aaral naman ni Valdez (2017) ay kaugnay sa pag-aaral dahil sa kailangan din malaman ang antas ng kakayahan at kasanayan sa pagbasa bilang batayan ng interbensiyon para sa layunin ng pag-aaral.

Ang pagbasa ay ang pagkilala at pagkuha ng mga ideya at kaisipan sa mga sagisag na nakalimbag upang mabigkas nang pasalita.Ang kawalan ng kaalaman at pagunawa sa kasanayang ito ay nakaiimpluwensya nang malaki sa pagkatuto ng mga mag-aaral (De Guzman, 2019)na sinang-ayunan ng pag-aaral ni Baua (2022).

Ang pagbasa ay isang kasanayang pangwika na nagdudulot ng input sa mga mag-aaral upang matuklasan nila ang maraming sanggunian sa kanilang pag-aaral. Sa ganitong mga kalagayan,ang pagbasa ay nagiging isang kasanayang pangwika na lubhang mahalaga para sa mga mag-aaral. Ang pagbasa ang pinakamahalagang kasanayan sa pagkakaroon ng kaalaman para sa mga mag-aaral ( Safdarian, 2014).Ang pagbasa ay isang mahalagang kasanayan sa wika dahil ang pagbasa ay maghahatid sa isang mag-aaral upang makakuha ng maraming impormasyon mula sa isang teksto. Ang pagbasa ay isang proseso ng pagkuha ng kahulugan o paggawa ng kahulugan sa pamamagitan ng maraming Gawain bago, habang, at pagkatapos basahin ang teksto (Whayono, 2019)banggit ni Baua(2022).

## II. METHODOLOGY

### Disenyo ng pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong disensyo ng pag-aaral. Sa pag-aaral na ito, gumamit ng deskriptibong upang mailarawan ang mga mabuong aklat- sanayan o ang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

kagamitang pampagtuturo ,ang proseso ng pagbuo sa awtput at ang mga kasanayan sa pagbasa na napaloob sa kagamitang pampagtuturo.

**Mga Tagatugon sa Pag-aaral**

Ang pag-aaral ay kinasangkutan ng mga mag-aaral na nasa antas elementarya at mga piling guro na nagtuturo ng asignaturang Filipno para balidasyon ng kagamitang pampagtuturo mula sa mga piling mababang paaralan ng Alfonso Lista, Ifugao.

**Instrumentong ginamit sa Pag-aaral**

Ang instrumentong ginamit sa pag-aaral ay isang binuong pananaliksik-instrumento na angkop sa kuwalitatibong disenyo.Pangunahing ginamit ay balidasyong tseklis para kagamitang pampagtuturo na may pamantayan hinggil sa nilalaman, kangkupan sa mga seleksiyon , antas ng kasanayan sa pagbasa . Ginamit din ang dokyumentong analisis sa pagsusuri para sa mas malalim na pundasyon ng kagamitan ng awtput ng pag-aaral.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang paraan ng pagkuha ng datos sa pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng kwalitatibong pamaraan ,binigyang-diin ang pagsuri sa dokumento , ekspertong pagpapabalido, at deskriptibong pagsusuri.Una, ang pagsusuri sa mga ginagamit na aklat , modyul at maging mga kaugnay sap ag-aaral na may kaugnayan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa upang maging batayan sa gagawing material na awtput .Ikalawa, pagkatapos ng pagbubuo ng kagamitang pampagtuturo o aklat sanayan ay dinala at ipasuri sa mga ekspertong mga guro na nagtuturo sa Filipino.Pinagamit ang tseklis para sa balidasyon para makakuha ng mungkahi ,pananaw at rekomendasyon sa isinagawang kagamitang pampaguturo.Ikatlo,ang mga nakalap na resulta ng proseso ng balidasyon ay sinuri sa tamang tematikong paraan ng pagsusuri. Sa kabuuan, ang pagkuha ng datos ay nakatuon sa pag-unawa sa kalidad at nilalaman ng nabuong kagamitang pampagtuturo para sa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 5 May 2026, eISSN: 2799-0664

mag-aaral sa elementarya.

## III. RESULTA AT DISKUSYON

Sa resulta at diskusyon ay nailalahad ang mga nakuhang mga datos bilang tugon sa mga suliraning inilahad. Mula sa mga talahanayan makikita ang mga naging interpretasyon at diskusyon .

### ANG NABUONG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO PARA SA KAKAYAHAN SA PAGBASA AT KASANAYAM PAG-UNAWA SA BINASA

| Iba't ibang seleksiyon | Mga kasanayan sa pagbasa |
|---|---|
| 1.Mula sa iba't ibang akda<br><br>2.Mula sa iba't ibang paksa ng malikhaing pagsulat sa mga seleksiyon | 1. Iba't ibang uri ng kasanayan sa pagbasa ang babuo mula sa mga datos na natungyahan<br><br>2.Nakabatay sa uri ng seleksiyon ang mga kailangang kasanayan |

Batay sa resulta ng pag-aarl ,ang nabuong kagamitang pampagtuturo para sa kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa ay isang karagdagang gawain na mas maintindihan sa tawag na Aklat-sanayan na dumaan sa sistematikong proseso at disenyo para sa mga mag-aaral sa antas elementarya .Batay sa resulta ito ay binubuo ng iba't ibang seleksiyon na angkop sa edad, kakayahan, antas at maging ang interes ng mga mag-aaral ,tulad ng maikling kuwento, tula, diyalogo at iba pa.Ipinapahiwatig ng resulta na ang pagkakaroon ng iba't ibang seleksiyon sa pagbasa ay mapapaunlad ang kakayahang umunawa sa binasa .Nakatutulong din ang pag-unlad sa kakayahan sa pagtukoy ng pangunahing ideya,detalye, sanhi at bunga at pagpapakahulugan ng mga salita batay sa kontekto o nilalaman.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 5 May 2026, eISSN: 2799-0664

Tumutugma sa sinabi ni Shih & Huang (2018) na ang pagunawa sa pagbasa (kasanayan) ay pinaniniwalaang magaganap sa antas ng metacognitive kung saan kasangkot ang pagplaplano, pagsusubaybay, at pagsusuri. Ang mga metakognitibong pamamaraan ay nagsasagawa ng isang executive function sa mga cognitive na pamamaraan, sa kabilang banda ay nakakaapekto sa pagganap ng pagsubok sa pagbasa. Upang suportahan ang layunin na ito, maraming pag-aaral ang isinagawa upang siyasatin ang kaugnayan sa pagitan ng paggamit ng pamamaraan sa pagbabasa at kakayahan sa pagbasa ( Shang,2018 ;Kim, 2016) na banggit ni Baua (2022)

**PROSESO SA PAGBUO NG KAGAMITANG PAMPAGTUTURO PARA SA PAGKATUTO SA PAGBASA AT PAG-UNAWA**

| Mga kasanayan | Nilalaman |
|---|---|
| Kasanayan A | Pagkilala sa mga pangyayari |
| Kasanyan B | Pagkuha sa mga pangkalahatang kahalagahan ng mga seleksiyon |
| Kasanyan C | Paghuhula sa kalalabasan ng mga pangyayari at pabigay ng hinuha |
| Kasanayan D | Pagbabasa para sa pagsusunod sa tamang direksiyon |
| Kasanayan E | Mga pagsasanay sa wastong pagbasa para sa bilis at pag-unawa sa binasa |

Batay sa resulta ng pag-aaral , natukoy ang pagbuo ng kagamitang pampagtuturo para sa pag-unlad ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa na dumaan sa masusing proseso batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral at maging gabay din sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto .Una, nalaman sa result na ang panimulang pag-alam sa pangangailangan ng mga bata at mga guro ang nagsilbing hakbang sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo .Ipinahihiwatig nito ang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 5 May 2026, eISSN: 2799-0664

epektibong material o kagamitan sa kasalukuyang kakayahan ng mga mag-aaral sap agbas at pag-unawa sa binasa. Pangalawa, ipinapakita sa resulta ang tamang proseso sa pagbuo nito na naiuugnay ang mga seleksiyon sa kaangkupan sa edad, interes at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.Ikatlo, ipininahihiwatig ng result ana ang pagbuo ng  materyal na ito na kailangan nakahanay sa bawat selesiyon  at ayon sa pangangailangan. Ang mga nabuong gawain ay dumaan sa tatlong proseso,ang Gawain bago, habang at pagkatapos na nakatutulong sa kakayahan ng mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa sa binasa.Ikaapat , ang balidasyon at rebisyon  ng kagamitang pampagtuturo , sa tulong ng mga gurong nagtuturo sa Filipino at eksperto sa pagpapabuti ng kagamitang ito lalo't ito'y para sa antas elementarya.Ipinahihiwatig nito na ang puna at mungkahi ng mga taga-balido ay nakatutulong sa pagpapanbuti ng isang kagamitang pampagtuturo.Sa kabuuan, ang proseso ng pabuo sa materya na ito ay kailangan ang  pagiging sistematiko ,planado at pagtuon sa pagkatuto ng mga tinuturuan.

Ipinapakita sa talahanayan ang mga nabuong seleksiyon  para sa mungkahing kagamitan para sa pagpapa-unlad sa  pagtuturo at pagkatuto sa pagbasa .May iba't ibang seleksiyon na babasahin at may ilang mga katanungan sa bawat seleksiyon .Bawat selesiyon ay sasagutin ang mga nakalaang mga tanong na dapat sagutin para mapaunlad at madagdagan ang mga kaalamang pangbokabularyo at ang antas ng pag-unawa sa binasa. Sa huling kasanayan ay may talahanayan para sa pagsubok sa antas ng kakayahan sa pagbasa at antan ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa.May rubric sa bilis ng kakayahan sa pagbasa sa bawat pagsasanay .

Ipinapakita sa talahanayan  na mga iba't ibang mga kasanayan  sa nabuong mungkahing kagamitang  pampagtuturo ,at sa bawat kasanayan ay may mga nilalaman na matutuhan ng mga batang mag-aaral sa kanilang isasagawang kasanayan sa pagbasa .Ayon kay Bababaldo ,et.al (2007) ay maraming matutuhan ang mga bata  dahil sa nilalaman ng mga seleksiyon  na may iba't ibang kasanayan.Batay sa talahanayan, ang bawat kasanayan ay taglay lamang ang nilalaman sa bawat seleksiyon.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 5 May 2026, eISSN: 2799-0664

**ANG MGA KASANAYAN SA PAGBASA AT PAG-UNLAD SA PAG-UNAWA SA BINASA NA MAPAPALOOB SA KAGAMITANG PAMPAGTUTURO SA AKLAT-SANAYAN.**

<table>
<tr><th>Mga seleksiyon</th><th>Mga kasanayan</th></tr>
<tr><td>1.Maikling kwento</td><td rowspan="9">1.Kasanayan A<br>2.Kasanayan B<br>3.Kasanayan C<br>4.Kasanayan D<br>5.Kasanayan E</td></tr>
<tr><td>2.Tanaga</td></tr>
<tr><td>3.Tula</td></tr>
<tr><td>4.Siyensa</td></tr>
<tr><td>5.Sanaysay</td></tr>
<tr><td>6.Parabula</td></tr>
<tr><td>7.Teknolohiya</td></tr>
<tr><td>8.Maikling kuwento</td></tr>
<tr><td>9.Iba pang akdang bunga ng mga malikhaing pagsulat</td></tr>
</table>

Batay sa nakalap na datos sa pag-aaral, napag-alaman na may limang pang-akademikong kasanayan sa pagbasa, inayos at mula sa pinakapayak hanggang sa mas mataas na antas o lebel ng pag-unawa.Ipinahihiwatig din ang holistikong paglinang sa kakayahan sap ag-unawa sa binasa .Ipinapaklita sa resulta na ang mga seleksiyon ay may mga nakalaang mga nabuong kasanayan ,Sa unang seleksiyon na maikling kwento ay ang kasanayan **A** na kung saan ang pagkilala sa mga pangyayari lamang ang tutukuyin na sasagutin sa mga nakalaang mga katanungan para mas maayos ang tunguhin ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga seleksiyon.Ang lebel ng pag-unlad sa kakayahan sa pagbasa ay mapabuti kahit ang mga kasanayan ay gamitn sa bawat seleksiyon na naayon sa maging iskor sa pagbasa at sa pag-unawa sa binasa. Sa kasanayan **B** na kaugnay sa pagkuha sa pangkalahatan ng seleksiyon ay ipinapahiwatigna turuan ang mga bata na matukoy ang pangunahing ideya ng binasa.Sa kwalitatibong suri o pananaw , ang kagamitang ito

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 5 May 2026, eISSN: 2799-0664

ay nakatutulong sa pagbuo ng sariling pag-unawa batay sa kabuuang ideya ng selsiyon na Napili. Kasunod ng kasanayan **C** na may kaugnayan sa paghuhula sa kalabasan at pagbibigay hinuha na kung saan sa resulta ang kagamitang pampagtuturo na ito ay nagpapalawak ng kritikal na pagbasa. Sa pamamagitan ng mga Gawain na ito ay nakapaghihikayat sa paghula at pagbibigay- hinuha at nahahasa ang kaalaman . Ang kasanayan **D** naman ay ang pagbasa para sa pagsunod sa tamang direksiyon na ipinahihiwatig ng result ana isinama sa aklat-sanayan o yung kagamitang pampagtuturo ang functional reading na mahalaga sa pang-araw-araw na pakikibaka ng mga mag-aaral ,dagdag pa dito hindi lamang pang-akademikong gawain ito kundi isang praktikal na gawain na magamit sa pagsunod sa panuto o direksiyon. Sa kasanayan **E** ay ang paghihinuha sa iba't ibang akdang naging bunga ng mga samu't saring malikhaing pagsulat para sa mga iba pang karagdagang gawain para sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa .Ang pag-unawa sa binasa ay isang kumplikasyong kakayahang nagbibigay-malay na nagbibigay ng kakayahang pagsamahin ang impormasyon ng teksto sa background na kaalaman ng mambabasa at nagreresulta sa pagpapaliwanag ng isang representasyon ng kaisipan ( Ahmid et.al.,2013)banggit ni Baua (2022).Sumang-ayon din ang pag-aaral ni Whayono,( 2019)banggit ni Baua (2022)na ang pagbasa ay isang proseso ng pagkuha ng kahulugan o paggawa ng kahulugan sa pamamagitan ng maraming gawain bago, habang, at pagkatapos basahin ang teksto.

## IV. KONKLUSYON

Batay sa naging resulta, narito ang konklusyon ng pag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay ang pagbuo ng isang malikhaing kagamitang pampagtuturo para sa pagbasa at pag-unawa at binasa .Ang nabuong kagamitang pampagtuturo ay para sa elementarya sa pagtuturo araling Filipino.Iba't ibang seleksiyon ang mga pinagbatayan sa pagbuo ng mga kasanayan sa pagabasa . Sa bawat seleksiyon ay may kasanayan na sasagutin ng mga mag-aaral para matukoy ang kanilang kahinaan sa pagbasa at maging sa pag-unawa sa binasa ay may wastong paggamit at pagpapalawak ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa gamit ang mga kagamitang pampagtuturo. Batay sa resulta, nangangailangan ito ng interbensyon. Ang mga guro ay dapat na mas mapalalim pa ang kaalaman tungkol sa iba't ibang paraan ng pagtuturo na angkop sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa gawaing pampaaralan sa kasanayan sa pagbasa para

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 5 May 2026, eISSN: 2799-0664

maiangat ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral at para matugunan ang layuning mapataas ang kasanayan sa pagbasa.

## V. REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod na mungkahi ay nabuo:

Magsagawa pa ng mga babasahing aklat bilang lunsaran sa pagpapaunlad sa kasanayan sa pagbasa .Sa pagkakaroon ng wastong gabay at suporta ,mas magiging maganda at mas epektibo ang pag-unlad ng bawat mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa sa mga tekstong kanilang binabasa.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

## REFERENCES

[1.] Ahmadi ,M,R., & Pourhhossein ,A.G.(2012).*Reciprocal Teaching Strategies and Their Impact on English Reading Comprehesion.Theory and Practice in Language Studies*, 2(10), 2553-2060

[2.] Berbardo, A.B.I.(2015). *Mga Etratehiya sa Pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa elementarya. Philippine* Journal of Psychology,48 ( 1) ,25-40.

[3.] De Guzman,C.Q.(2019).*Lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang: Batayan sa pagbuo ng kagamitang Pagsasanay sa Pag-unawa sa Binasa*.AAJMR.

[4.] DepEd Order no. 8,s2015 " *Policy Guidleines on Classroom Assesment for the K to 12 Basic Education Program*

[5.] Cain, K., & Oakhill. J.(2011). *Children's comprehension problems in oral ang written language : A cognitive perspective*. Nw York, N.Y: Guilford Press.

[6.] Cruz, M.L. (2016). *Bisa ng Kagamitang Pampagtuturo sa Filipino sa Antas elementarya.* Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 22 (1). 45-60.

[7.] Department of Education. (2018).*Policy Guidelines on the administration of the revised Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI )* (DepEd Order No.14,s.2028.Pasig City, Phillippines: Department of Education.

[8.] Duke ,N.K.,& Carlisle .J.F. (2011) .*The development of comprehension* .In M.L.Kamil.P.D. Pearson./E.B.Moje ,& P.Afflerbach (Eds.), *Handbook of reading research* (Volume IV) .New York ,NY : Routledge.

[9.] Allado,T. (2019). Ang Pag-unawa sa binasa at akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ascendens Asia Jounal of Multidisciplinary Research Abstracts

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

*[10.]* Fakardo. M.(2019) *Epektibong Kagamitan sa Paglinang ng Antas ng Pang-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang ng Dr.Maria Pastrana National*

[11.] *High School*. Ascendence Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstrack, 3(2D). Huang,J., & Nisbet, D. (2014).*The Relationship between reading proficiency and reading strategy use: A study of adult ESL learners.J. of Adult Education*,43 (2)1-11

[12.] Kendeou, P., van den Broek, P., White,M. J., & Lynch, J.S. (2009) . Predicting reading comprehension in early elementary school: The independent contributions of oral language and decoding skills. Journal of Education Psychology , 101 (4) , 765-778.

[13.] Khamkhong,S(2018).*Developing English critical reading and thinking skills through the Pisa Reading literacy Assessment Framework: A case study of Thai EFL learners .3L":* The Southeast Asian Journal of English Language Studies .

[14.] Pagabaldo,et.al. (2007).*Developing Reading Skills*.Saint Mary's Publishing Corporation,

[15.] Safdarian,Z.et.al (2014) *How reading strategy use and personality types are related?*

[16.] The Reading Matrix,14 (1)

[17.] Snow, C.E.( 2002). *Reading for understanding*: Toward an R & D program in reading comprehension. Santa Monica, CA : RAND Corporation.

[18.] Valdez,R.E. (2017). Reading comprehension profile and instructional implications for Grade 4 and 5 learners. Asia Pacific Education Research Journal, 5 (1) .7-18.

[19.] Villa nueva, R.T. (2018). *Epekto ng paggamit ng aklat-sanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa elementarya* . Philippine Journal of Education, 97 ( 2) ,33-48.

[20.] Wahyono,E.(2019).Correlation Between Students' *Cognitive Readng Strategies and Reading Comprehension.*Jurnal Studi Guru dan Pembelajaran,2(3),256-263

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved